

# Makatipid sa Iyong Bill sa Kuryente

Ang CleanPowerSF ay nagsisikap patungo sa isang kinabukasan kung saan abot-kaya at accessible sa lahat ang malinis na enerhiya (clean energy). Mula sa mga buwanang diskwento hanggang sa mga flexible na opsyon sa pagbabayad, narito kami para tumulong sa iyong makatipid at mapamahalaan ang iyong bill sa kuryente.

## Mga Buwanang Diskwento sa Kuryente

### Programang CARE at FERA

Puwedeng makatanggap ang mga customer ng CleanPowerSF ng buwanang diskwento sa kanilang mga bill sa enerhiya sa pamamagitan ng mga programang Mga Alternatibong Rate para sa Enerhiya sa California (California Alternate Rates for Energy, CARE) at Tulong sa Mga Rate sa Elektrisidad ng Pamilya (Family Electric Rates Assistance, FERA). Puwede kang maging kwalipikado para sa CARE o FERA batay sa kita ng iyong sambahayan o sa pamamagitan ng paglahok sa ilang partikular na programang tulong sa publiko (tulad ng mga Food Stamp o Medicaid).

- Makatipid nang hanggang 35% sa iyong bill sa kuryente
- 5 minuto lang ang aabutin ng bawat pag-sign up
- Walang kinakailangang patunay ng kita para mag-enroll

Ang CARE at FERA ay mga programa ng Estado na pinapatakbo ng PG&E. Bilang isang customer ng CleanPowerSF, isusumite mo ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng PG&E.

Mag-enroll ngayon sa [pge.com/carefera](https://pge.com/carefera) o tumawag sa PG&E sa (866) 743-2273.

**Available na Programa para sa Forgiveness sa Utang para sa Mga Customer ng CARE at FERA:** Puwede kang maging kwalipikado para sa available na programa para sa forgiveness ng utang para sa mga customer ng CARE at FERA na mayroong mga bill na hindi pa nababayaran. Hindi na sisingilin ng programang Plano sa Pamamahala ng Arrearage (Arrearage Management Plan, AMP) ang iyong mga hindi pa nababayaranang bill sa kuryente at gas (hanggang sa \$8,000) habang nagbabayad ka ng mga buwanang bayad sa takdang panahon sa iyong kasalukuyang bill sa enerhiya.

Mag-enroll at matuto pa tungkol sa [pge.com/amp](https://pge.com/amp) o tumawag sa PG&E sa (800) 743-5000.

### Medical na Baseline

Kung mayroon kang kundisyong medikal na nangangailangan ng mas mataas na paggamit ng enerhiya para mapagana ang iyong mga medikal na device o suportahan ang independent na pamumuhay, puwede mong mapababa ang iyong bill sa enerhiya sa pamamagitan ng programang Medical na Baseline. Ang programang ito ay nagbibigay-daan sa mga customer na makatanggap ng higit pang enerhiya (kuryente at gas) sa pinakamababang rate.

- Mapababa ang iyong buwanang bill sa enerhiya
- Makatanggap ng maagang abiso para sa mga event sa Shutoff ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff)
- Sa kasalukuyan, hindi kailangan ng lagda ng doktor para mag-enroll

Ang Medical na Baseline ay isang programa ng Estado na pinapatakbo ng PG&E. Bilang isang customer ng CleanPowerSF, isusumite mo ang iyong aplikasyon sa Medical na Baseline sa pamamagitan ng PG&E.

Mag-enroll ngayon sa [pge.com/medicalbaseline](https://pge.com/medicalbaseline) o tumawag sa PG&E sa (800) 743-5000.

## Badyet na Pagsingil at Mga Plano sa Pagbabayad

**Badyet na Pagsingil:** Ang badyet na pagsingil ay nagbibigay-daan sa iyong bayaran ang iyong mga bayarin sa enerhiya sa mga pantay-pantay na buwanang pagbabayad. Sa planong ito, magbabayad ka ng average na bayarin sa 12 buwang paggamit, ibig sabihin, mananatiling pare-pareho ang iyong bill bawat buwan. Ang karaniwang residensyal na customer ng CleanPowerSF ay nakapansin ng pagtaas na hanggang 20% sa kanilang bill sa kuryente sa pagitan ng Nobyembre at Abril na panahon. Puwedeng magbago ang paggamit mo ng enerhiya para sa iba't ibang dahilan, gaya ng paggamit ng mga heater para mapainit ang iyong bahay sa panahon ng taglamig.

- Libre ang pag-enroll
- Pinapantay-pantay ang iyong bayarin sa buwanang enerhiya
- Iwasan ang mga potensyal na pagtaas ng gastos sa mga buwan ng taglamig

Mag-enroll Ngayon sa [PG&E Budget Billing](#) o tumawag sa PG&E sa (800) 743-5000.

Mga Flexible na Plano sa Pagbabayad

Kailangan mo pa ba ng higit pang oras para magbayad? May ilang available na opsyon:

- Ang mga installment ay nagbibigay-daan sa iyong hati-hatiin ang iyong kasalukuyang balanse sa ilang buwan na hanggang sa 12 installment.
- Nagbibigay-daan sa iyo ang extension na mabayaran ang buong halaga sa ibang pagkakataon. Ilagay lang ang petsa kung kailan mo gustong magbayad nang buong halaga.

Matuto pa sa [pge.com/helpmepay](http://pge.com/helpmepay) o tumawag sa PG&E sa (800) 743-5000.

## Mga Pantulong na Programa

**LIHEAP:** Ang Programang Tulong sa Enerhiya sa Bahay para sa Mababang Kita (Low-Income Home Energy Assistance Program, LIHEAP) ay nagbibigay ng taunang credit sa iyong utility bill. Ngayong 2021, puwede kang makatanggap ng hanggang \$523 na credit sa bill sa kuryente at gas. Puwede kang maging kwalipikado para sa LIHEAP batay sa kita ng iyong sambahayan. Nakadepende sa availability ang mga pondo.

- Makatanggap ng hanggang \$523 na credit sa iyong utility bill
- Kailangan ng patunay ng kita para mag-enroll

Sa San Francisco, ang LIHEAP ay pinapatakbo ng Mga Serbisyo sa Peninsula Energy (Peninsula Energy Services, PES).

Para mag-enroll, makipag-ugnayan sa PES sa (415) 416-6660.

**Makatipid ng Higit pang Pera:** Kung kwalipikado ka at mag-e-enroll sa LIHEAP, magiging kwalipikado ka rin para sa libreng Programang Weatherization sa Bahay (Weatherization Program) na makakatulong sa iyong mabawasan ang iyong mga gastos sa enerhiya sa pamamagitan ng paggawa ng mga pangkaligtasan at pagpapahusay sa pagtitipid sa enerhiya sa iyong bahay (tulad ng mga instalasyon ng mga bintana, smoke alarm, at pag-insulate ng sahig). Pinapatakbo ng Peninsula Energy Services ang LIHEAP at Home Weatherization Program kaya puwede mong humingi ng tulong sa dalawa!

**REACH:** Ang programang Relief para sa Ayuda sa Enerhiya sa pamamagitan ng Tulong sa Komunidad (Energy Assistance through Community Help, REACH) ay tumutulong sa iyong mabayaran ang mga hindi pa nababayaranang bill sa enerhiya. Kung matutugunan mo ang mga kinakailangan sa kita (na katulad sa programang CARE) at mayroon kang hindi pa nababayaranang bill na \$100-\$300 dolyar, puwede kang maging kwalipikado. Nagbibigay ang REACH ng hanggang sa \$300 para mabayaran ang PG&E na bahagi ng iyong hindi pa nababayaranang bill. Nakadepende sa availability ang mga pondo.

- Makatanggap ng hanggang sa \$300 para makatulong sa mga hindi pa nababayaranang bill
- Kailangan ng patunay ng kita para mag-enroll

Sa San Francisco, ang REACH ay pinapatakbo ng [Dollar Energy Fund](#) (Pondo sa Dollar Energy).

Para mag-enroll, makipag-ugnayan sa Dollar Energy Fund sa (800) 933-9677.